PROPOSISYON

57 MGA SENTENSIYANG PANGKRIMEN. PAROL. MGA PAGLILITIS AT PAGSENTENSIYA SA KRIMEN NG KABATAAN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinahihintulutan ang pagsasaalang-alang ng parol para sa mga taong napatunayang nagkasala ng di-marahas na mga kasalanan, pagkatapos ng panahon sa bilangguan para sa kanilang pangunahing pagkakasala gaya ng tinukoy.
- Pinahihintulutan ang Kagawaran ng mga Bilangguan at Rehabilitasyon na maggawad ng mga kredito sa sentensiya para sa rehabilitasyon, mabuting asal, o mga nakamit sa edukasyon.
- Hinihiling sa Kagawaran ng mga Bilangguan at Rehabilitasyon na magpatibay ng mga regulasyon upang ipatupad ang bagong mga probisyon sa parol at sentensiya at patunayan na ang mga ito ay pinabubuti ang kaligtasan ng publiko.
- Isinasaad na ang mga hukom sa hukumang pangkabataan ay dapat gumawa ng pagpapasiya, sa mosyon ng tagausig, kung ang mga kabataang may edad na 14 at mas matanda ay dapat usigin at sentensiyahan bilang mga nasa hustong gulang para sa mga tinukoy na pagkakasala.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Kabuuang mga matitipid ng estado na malamang na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, na pangunahing dahil sa mga pagbawas sa populasyon ng bilangguan. Ang mga matitipid ay magiging depende sa kung paano ipinapatupad ang ilang mga probisyon.
- Kabuuang gastos ng county na malamang ay ilang milyong dolyar taun-taon.

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

BATAYAN

Mga Offender na May Sapat na Gulang

Pinapatakbo ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon sa California (California Department of Corrections and Rehabilitation o CDCR) ang sistema ng bilangguan ng estado. Responsibilidad ng CDCR na ikulong ang mga may sapat na gulang na nahatulan ng malalaking pagkakasala na tinukoy sa batas ng estado bilang matindi o marahas, gayundin ng ilang partikular na sekswal na pagkakasala. Kasama sa mga halimbawa ng mga marahas na malaking pagkakasala ang pagpatay ng tao, pagnanakaw, at panggagahasa. Kasama sa mga halimbawa ng mga matinding malaking pagkakasala ang ilang partikular na uri ng pag-atake, gaya ng pag-atake na may layuning magsagawa ng pagnanakaw. Responsibilidad din ng kagawaran na ikulong ang mga indibidwal na nahatulan ng iba pang malalaking pagkakasala (gaya ng mabigat na pagnanakaw) sa mga kaso kung saan ang mga indibidwal na iyon ay nahatulan na dati ng matindi, marahas, o ilang partikular na sekswal na pagkakasala. Simula Hunyo 2016, mayroong humigit-kumulang 128,000 indibidwal sa bilangguan ng estado. Tinatalakay namin sa ibaba, ang pagsesentensya sa mga may sapat na gulang na offender at ang gamit ng mga pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol at kredito sa pagsesentensya.

Pagsesentensya sa May Sapat na Gulang. Ang mga indibidwal ay ipinapasok sa bilangguan sa ilalim ng sentensyang walang partikular na tagal o sentensyang may partikular na tagal. Sa ilalim ng pagsesentensyang walang partikular na tagal, ang mga indibidwal ay sinentensyahang mabilanggo sa loob ng takdang tagal ng panahon na may minimum ngunit walang partikular na maximum na panahon, gaya ng 25 taong hanggang habambuhay. Sa ilalim ng pagsesentensyang may partikular na tagal, ang mga indibidwal ay tatanggap ng hindi nagbabagong takdang tagal ng panahon sa bilangguan na may tukoy na petsa ng paglaya. Karamihan ng mga tao sa bilangguan ng estado ay nakatanggap ng sentensyang may partikular na tagal. Ang mga indibidwal sa bilangguan ay nahatulan ng malaki o mabigat na pagkakasala. Kadalasang may binubuo silang karagdagang panahon dahil sa iba pang mas magagaang krimen kung saan nahatulan sila sa parehong panahon. Bilang karagdagan, kasama din sa batas ng estado ang iba't ibang pagpapahusay sa pagsesentensya na maaaring magdagdag sa panahong bubuuin ng mga indibidwal. Halimbawa, ang mga nahatulan na dati ng matindi o marahas na pagkakasala sa pangkalahatan ay dapat doble ang bubuuing takdang tagal ng panahon para sa anumang bagong malaking pagkakasala.

Mga Pagdinig para sa Pagsasaalang-alang sa Parol. Pagkatapos buuin ng isang indibidwal ang minimum na bilang ng mga taon na kinakailangan para sa sentensyang walang partikular na tagal, magsasagawa ang Lupon ng Mga Pagdinig para sa Parol (Board of Parole Hearings o BPH) ng estado ng mga pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol upang matukoy kung ang indibidwal ay nakahanda nang lumaya mula sa bilangguan. Halimbawa, magsasagawa ang BPH ng nasabing pagdinig para sa isang indibidwal na nasentensyahan ng 25 taon hanggang habambuhay pagkatapos na manatili ng indibidwal sa bilangguan sa loob ng 25 taon. Kung magpasya ang BPH na huwag palayain ang indibidwal mula sa bilangguan, magsasagawa ang lupon ng kasunod na pagdinig sa hinaharap. Ang mga indibidwal na tumanggap ng sentensyang may partikular na tagal ay hindi nangangailangan ng pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol upang mapalaya mula sa bilangguan sa pagtatapos ng kanilang sentensya. Gayunpaman, ang ilan sa mga indibidwal na ito sa kasalukuyan ay karapat-dapat sa mga pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol bago nila mabuo ang kabuuan ng kanilang sentensya. Halimbawa, ang ilang partikular na indibidwal na hindi nahatulan ng mga marahas na malaking pagkakasala ay karapat-dapat sa kasalukuyan sa pagsasaalang-alang sa parol pagkatapos nilang mabuo ang kalahati ng kanilang sentensya sa bilangguan. Isa ito sa ilang panukala na itinakda ng pederal na hukuman upang mabawasan ang populasyon sa bilangguan ng estado.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Mga Kredito sa Pagsesentensya. Sa kasalukuyan, pinapayagan ng batas ng estado ang CDCR na magbigay ng mga kredito sa ilalim ng ilang partikular na kundisyon sa mga inmate sa bilangguan na magpapaikli sa panahon na dapat nilang buuin sa bilangguan. Ibinibigay ang mga kredito para sa mabuting pag-uugali o para sa paglahok sa mga programa sa trabaho, pagsasanay, o edukasyon. Mahigit dalawang-katlo sa mga inmate ang karapat-dapat na tumanggap ng mga kredito. Nililimitahan ng batas ng estado ang haba na maaring ibawas sa mga sentensya ng inmate sa pamamagitan ng mga kredito. Halimbawa, sa mahigit kalahati ng mga inmate na karapat-dapat sa mga kredito, maaari lang bawasan ang kanilang mga sentensya nang 15 porsiyento dahil mayroon silang hatol para sa marahas na pagkakasala.

Hustisya para sa Kabataan

Sa pangkalahatan, ang mga kabataang inakusahang gumawa ng mga krimen habang wala pa silang 18 taong gulang ay nililitis sa hukumang pangkabataan. Gayunpaman, sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, maaari silang litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang. Tinatalakay namin sa ibaba ang proseso para sa pagtukoy kung ang isang kabataan ay lilitisin sa hukumang pangkabataan kumpara sa hukuman para sa may sapat na gulang.

Mga Kabataan sa Hukumang Pangkabataan. Iba ang mga pamamaraan sa hukumang pangkabataan kaysa sa mga pamamaraan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Halimbawa, ang isang kabataan ay hindi sesentensyahan ng mga hukom sa hukumang pangkabataan ng isang takdang tagal ng panahon sa bilangguan o kulungan. Sa halip, tutukuyin ng hukom ang naaangkop na paglalagyan at paggagamot para sa rehabilitasyon (gaya ng paggamot sa droga) para sa kabataan, batay sa mga salik gaya ng pagkakasala at kasaysayan ng krimen ng kabataan. Humigit-kumulang 44,000 kabataan ang nilitis sa hukumang pangkabataan noong 2015.

Sa pangkalahatan responsibilidad ng mga county ang mga kabataang inilagay ng mga hukumang pangkabataan. Ang ilan sa mga kabataang ito ay inilalagay sa mga pasilidad na pangkabataan ng county. Gayunpaman, kung mapag-alaman ng hukom na nakagawa ang kabataan ng ilang partikular na malalang krimen na nakalista sa batas (gaya ng pagpatay ng tao, pagnanakaw, at ilang partikular na sekswal na pagkakasala), maaaring ilagay ng hukom ang kabataan sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado. Iniaatas ng batas ng estado na sa pangkalahatan ay bayaran ng mga county ang maliit na bahagi ng gastusin sa pananatili ng mga kabataan sa mga pasilidad ng estado na ito. Ang mga kabataang pinalabas mula sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado ay pinapangasiwaan sa komunidad sa pangkalahatan ng mga opisyal ng probasyon ng county.

Mga Kabataan sa Hukuman para sa May Sapat na Gulang. Sa ilang partikular na sitwasyon, ang mga kabataang inakusahang gumawa ng mga krimen noong sila ay 14 na taong gulang o mas matanda ay maaaring litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang at tumanggap ng mga sentensya para sa may sapat na gulang. (Dapat litisin ang mga kaso ng mga indibidwal na inakusahang gumawa ng mga krimen bago sila tumuntong sa 14 na taong gulang sa hukumang pangkabataan.) Ang mga nasabing kaso ay maaaring ipadala sa hukuman para sa may sapat na gulang sa isa sa tatlong sumusunod na paraan:

- ***Awtomatiko Batay sa Tindi ng Krimen.*** Kung inakusahan ang kabataan na pumatay ng tao o gumawa ng partikular na mga sekswal na pagkakasala sa ilang partikular na espesyal na pangyayari na dahilan upang maging mas matindi ang krimen (gaya ng inaakusahan din ng pagpapahirap sa biktima), dapat siyang litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang.
- ***Sa Diskresyon ng Tagausig Batay sa Krimen at Kasaysayan ng Krimen.*** Kung ang kabataan ay may malalang kasaysayan ng krimen at/o inaakusahan ng ilang partikular na krimen na nakalista sa batas (gaya ng pagpatay ng tao), ang tagausig ay maaaring direktang maghain ng mga demanda sa hukuman para sa may sapat na gulang. May ganitong kakayayahan ang mga tagausig sa mas maraming kaso para sa mga kabataan na 16 o 17 taong gulang sa oras na ginawa ang krimen kaysa sa mga kabataang 14 o 15 taong gulang.
- ***Sa Diskresyon ng Hukom Batay sa Pagdinig.*** Maaaring humiling ng pagdinig ang isang tagausig kung saan magpapasya ang hukom sa hukumang pangkabataan kung dapat bang ilipat ang isang kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Para sa mga kabataan na 14 o 15 taong gulang noong ginawa ang krimen, ang krimen ay kinakailangang isa sa ilang partikular na matinding krimen na nakalista sa batas (gaya ng pagpatay ng tao, pagnanakaw, o ilang partikular na sekswal na pagkakasala). Para sa mga kabataan na 16 o 17 taong gulang noong ginawa ang krimen, maaaring hilingin ng tagausig ang pagdinig na ito para sa anumang krimen, ngunit karaniwang gagawin ito para sa mas matitinding krimen o para sa mga kabataan na may malalang kasaysayan ng krimen.

Kaunting kabataan lang ang ipinapadala sa hukuman para sa may sapat na gulang bawat taon. Halimbawa, wala pang 600 kabataan ang ipinadala sa hukuman para sa may sapat na gulang noong 2015. Wala pang 100 kabataan ang ipinadala sa hukuman para sa may sapat na gulang sa diskresyon ng hukom batay sa isang pagdinig. Ang natira ay awtomatikong ipinapadala sa hukuman para sa may sapat na gulang batay sa tindi ng kanilang krimen o sa diskresyon ng isang tagausig batay sa kanilang krimen at/o kasaysayan ng krimen.

Ang mga kabataang nahatulan sa hukuman para sa may sapat na gulang habang wala pa silang 18 taong gulang ay karaniwang inilalagay sa pasilidad na pangkabataan ng estado para sa unang bahagi ng kanilang mga sentensya. Kapag naging 18 taong gulang na ang mga kabataang ito, sa pangkalahatan ay inililipat sila sa bilangguan ng estado. Gayunpaman, kung maikli lang ang kanilang mga sentensya at magagawa nilang kumpletuhin ang kanilang mga takdang tagal ng panahon bago maging 21 taong gulang, bubuuin nila ang kabuuan ng kanilang mga sentensya sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado. Babayaran ng estado ang buong gastusin sa pananatili ng mga kabataan sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado na nahatulan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Pagkatapos kumpletuhin ang kanilang sentensya, ang mga kabataang ito ay papangasiwaan sa

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 57, pumunta sa pahina 141.

komunidad sa pangkalahatan ng mga ahente ng parol ng estado.

MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay gumagawa ng mga pagbabago sa Saligang-batas ng Estado upang taasan ang bilang ng mga inmate na karapat-dapat sa pagsasaalang-alang sa parol at pinapahintulutan ang CDCR na magbigay ng mga kredito sa pagsesentensya sa mga inmate. Ang panukala ay gumagawa rin ng mga pagbabago sa batas ng estado upang iatas na ang mga kabataan ay magkaroon ng pagdinig sa hukumang pangkabataan bago sila maaaring ilipat sa hukuman para sa may sapat na gulang. Mas detalyado naming inilarawan ang mga pagkakaloob na ito sa ibaba.

Pagsasaalang-alang sa Parol para sa Mga Offender na Hindi Marahas. Binabago ng panukalang ito ang Saligang-batas ng Estado upang maging karapat-dapat ang mga indibidwal na nahatulan ng mga kasalanang "pagkakasalang hindi marahas" sa pagsasaalang-alang sa parol pagkatapos buuin ang kumpletong takdang tagal ng panahon sa bilangguan para sa kanilang pangunahing kasalanan. Bilang resulta, magpapasya ang BPH kung papalayain ang mga indibidwal na ito bago nila buuin ang anumang karagdagang oras na nauugnay sa iba pang mga krimen o pagpapahaba ng sentensya.

Inaatasan ng panukala ang CDCR na magpatupad ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga pagbabagong ito. Bagama't hindi tinukoy ng panukala at kasalukuyang batas kung aling mga krimeng may malalaking pagkakasala ang ituturing na hindi marahas, ipinagpapalagay ng pagsusuring ito na ang hindi marahas na kasalanang may malaking pagkakasala ay kabibilangan ng anumang malaking pagkakasala na hindi partikular na tinukoy sa batas bilang marahas. Simula Setyembre 2015, mayroong humigit-kumulang 30,000 indibidwal sa bilangguan ng estado ang maaapektuhan ng mga pagkakaloob ng pagsasaalang-alang sa parol ng panukala. Bilang karagdagan, humigit-kumulang 7,500 sa mga indibidwal na ipinapasok sa bilangguan ng estado bawat taon ang magiging karapat-dapat sa pagsasaalang-alang sa parol sa ilalim ng panukala. Ang mga indibidwal na maaapektuhan ng mga nabanggit na pagbabago sa kasalukuyan ay makakabuo na ng humigit-kumulang dalawang taon sa bilangguan bago maisaalang-alang sa parol at/o mapalaya. Sa ilalim ng panukala, tinatantiya namin na makakabuo ang mga indibidwal na ito ng humigit-kumulang isa at isa't kalahating taon sa bilangguan bago isaalang-alang sa parol at/o palayain.

Awtoridad na Magbigay ng Mga Kredito. Binabago rin ng panukala ang Saligang-batas ng Estado upang mabigyan ng awtoridad ang CDCR na makapagbigay ng mga kredito sa mga inmate para sa mabuting pag-uugali at mga inaprobahang nagawa ukol sa rehabilitasyon o edukasyon. Ang kagawaran ay maaaring magbigay ng mas malalaking kredito sa mga taong kasalukuyang karapat-dapat para sa kanila at mga kredito sa mga taong kasalukuyang hindi karapat-dapat. Bilang resulta, maaaring dagdagan ng CDCR ang dami ng mga kreditong maaaring makuha ng mga inmate, na magpapaikli sa haba ng panahon na bubuuin sa bilangguan.

Mga Pagdinig sa Paglipat ng Kabataan. Binabago ng panukala ang batas ng estado upang iatas na, bago mailipat ang mga kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang, dapat silang magkaroon ng pagdinig sa hukumang pangkabataan upang matukoy kung dapat ba silang ilipat. Bilang resulta, ang tanging paraan para malitis ang isang kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang ay kung magpasya ang hukom sa hukumang pangkabataan sa pagdinig na ilipat ang kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Ang mga kabataang inakusahang gumawa ng ilang partikular na matitinding krimen ay hindi na awtomatikong lilitisin sa hukuman para sa may sapat na gulang at walang kabataan ang maaaring litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang batay lang sa pasya ng isang tagausig. Bilang karagdagan, tinukoy ng panukala na maaari lang humiling ang mga tagausig ng mga paglilipat ng pagdinig para sa mga kabataang inakusahan na (1) gumawa ng ilang partikular na matitinding krimen na nakalista sa batas ng estado (gaya ng pagpatay ng tao, pagnanakaw, at ilang partikular na sekswal na pagkakasala) noong sila ay 14 o 15 taong gulang o (2) gumawa ng malaking pagkakasala noong sila ay 16 o 17 taong gulang. Bilang resulta ng mga pagkakaloob na ito, mas kaunting bilang ng mga kabataan ang lilitisin sa hukuman para sa may sapat na gulang.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang ito ay magkakaroon ng iba't ibang epekto sa pananalapi sa estado at mga lokal na pamahalaan. Gayunpaman, nakadepende ang lawak ng mga epektong ito sa paraan ng pag-unawa at pagpapatupad sa ilang partikular na pagkakaloob sa panukala. Dahil dito, ang aming mga pagtatantiya sa ibaba ay may malaking bahagi na hindi tiyak.

Pagsasaalang-alang sa Parol para sa Mga Offender na Hindi Marahas

Kabuuang Matitipid ng Estado. Kung mas maikling takdang tagal ng panahon sa bilangguan ang bubuuin ng mga offender na hindi marahas dahil sa mga pagkakaloob ng pagsasaalang-alang sa parol ng panukula, mababawasan nito ang mga gastusin ng estado dahil liliit ang populasyon ng bilangguan. Nakadepende ang malaking bahagi ng antas ng mga matitipid sa bilang ng mga indibidwal na pipiliing palayain ng BPH. Batay sa kamakailang karanasan ng BPH sa pagsasaalang-alang sa parol para sa ilang partikular na offender na hindi marahas, tinatantiya namin na ang tuluy-tuloy na epekto sa pananalapi ng pagkakaloob na ito ay malamang na milyun-milyong dolyar na matitipid ng estado taun-taon. Ang mga matitipid na ito ay bahagyang mao-offset ng mga karagdagang gastusin upang makapagsagawa ang BPH ng mas maraming pagsasaalang-alang sa parol.

Ang panukala ay magreresulta rin sa mga pansamantalang epekto sa pananalapi sa hinaharap dahil sa (1) mga karagdagang matitipid mula sa pagpapalaya ng mga offender na kasalukuyang nasa bilangguan na karapat-dapat para sa pagsasaalang-alang sa parol at (2) paglaki ng mga gastusin sa parol upang mapangasiwaan ang mga indibidwal na mas maagang pinalaya mula sa bilangguan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Paglaki ng Mga Gastusin ng County. Dahil magreresulta ang panukala sa maagang pagpapalaya sa ilang indibidwal na pinapangasiwaan ng mga opisyal ng probasyon ng county pagkatapos ng kanilang paglaya mula sa bilangguan, ang panukala ay malamang na magiging dahilan ng paglaki ng populasyon ng probasyon sa hinaharap. Kahit na wala ang panukala, ang mga county ay malamang na magkakaroon ng mga ganitong gastusin sa probasyon sa hinaharap.

Mga Kredito sa Pagsesentensya para sa Mga Inmate sa Bilangguan

Kabuuang Matitipid ng Estado. Kung bibigyan ng CDCR ang mga indibidwal ng mga karagdagang kredito, mapapababa ng panukala ang mga gastusin ng estado bilang resulta ng mas mallit na populasyon sa bilangguan. Hindi pa tiyak ang anumang antas ng mga matitipid, dahil nakadepende ito sa average na tagal ng sentensya na ibabawas ng CDCR. Kung nagbigay ang kagawaran ng mga sapat na kredito upang mabawasan ng ilang linggo ang average na panahon na bubuuin ng mga inmate, maaaring magresulta ang panukala sa milyun-milyong dolyar na matitipid ng estado sa pinakamababa taun-taon. Gayunpaman, ang mga matitipid ay maaaring maging mas malaki o mas maliit kung iba ang mga naging pasya ng kagawaran. Dahil maaaring magresulta ang panukala sa maagang pagpapalaya ng ilang indibidwal na pinapangasiwaan ng mga ahente ng parol ng estado pagkatapos ng paglaya, maaaring pansamantalang lumaki ang populasyong binigyan ng parol dahil sa panukala. Gayunpaman, ang estado ay malamang na magkakaroon ng mga ganitong gastusin sa parol kahit na wala ang panukala.

Paglaki ng Mga Gastusin ng County. Dahil maaaring magresulta ang panukala sa maagang pagpapalaya sa ilang indibidwal na pinapangasiwaan ng mga opisyal ng probasyon ng county pagkatapos ng kanilang paglaya mula sa bilangguan, ang panukala ay maaaring magiging dahilan ng paglaki ng populasyon ng probasyon sa hinaharap. Kahit na wala ang panukala, ang mga county ay malamang na magkakaroon ng mga ganitong gastusin sa probasyon sa hinaharap.

Pag-uusig ng Kabataan sa Hukuman para sa May Sapat na Gulang

Kabuuang Matitipid ng Estado. Kung magreresulta ang mga iniaatas ng panukala sa paglilipat ng pagdinig sa mas mababang bilang ng mga kabataan na nilitis at nahatulan sa hukuman para sa may sapat na gulang, ang panukala ay magkakaroon ng ilang epekto sa pananalapi sa estado. Una, mababawasan nito ang mga gastusin sa bilangguan ng estado at parol dahil hindi na mamamalagi sa bilangguan ang mga kabataang iyon o papangasiwaan ng mga ahente ng parol ng estado pagkatapos ng kanilang paglaya. Bilang karagdagan, dahil ang mga pamamaraan ng hukumang pangkabataan ay mas maikli sa pangkalahatan kaysa sa mga pamamaraan ng hukuman para sa may sapat na gulang, babawasan ng panukala ang mga gastusin ng hukuman ng estado. Ang mga matitipid na ito ay bahagyang mao-offset dahil sa mas malaking mga gastusin sa hustisya para sa kabataan mula sa estado dahil ang mga kabataang maaapektuhan ng panukala ay maglalaan ng mas maraming oras sa pangkalahatan sa mga pangkabataang pasilidad ng estado. (Gaya ng naunang binanggit, babayaran ng mga county ang maliit na bahagi ng gastusin sa pananatili ng mga kabataang ito sa mga pangkabataang pasilidad ng estado.) Sa kabuuan, tinatantiya namin na ang kabuuang matitipid ng estado mula sa mga nabanggit na epekto ay maaring ilang milyong dolyar taun-taon.

Mga Gastusin ng County. Kung mas maliit na bilang ng mga kabataan ang lilitisin at hahatulan bilang mga may sapat na gulang, ng panukala ay magkakaroon din ng ilang epekto sa pananalapi sa mga county. Una, gaya ng tinalakay sa itaas, responsibilidad ng mga county na bayaran ang isang bahagi ng mga gastusin sa pananatili ng mga kabataang ito sa pangkabataang pasilidad ng estado. Bilang karagdagan, responsibilidad ng mga kagawaran ng probasyon ng county na pangasiwaan ang mga kabataang ito pagkatapos ng kanilang paglaya. Dahil sa pangkalahatan ay mas maikli ang mga pamamaraan ng hukumang pangkabataan kaysa sa mga pamamaraan ng hukuman para sa may sapat na gulang, ang mga nabanggit na gastusin ng county ay bahagyang mao-offset ng kaunting matitipid. Halimbawa, ang mga ahensya ng county na sangkot sa mga pamamaraan ng hukuman para sa mga kabataang ito—gaya ng mga abugado ng distrito, pampublikong mananangol, at probasyon ng county—ay makakaranas ng paggaan ng trabaho. **Sa kabuuan, tinatantiya namin na ang kabuuang gastusin sa mga county dahil sa mga nabanggit na epekto ay malamang na ilang milyong dolyar taun-taon.**

Iba Pang Mga Epekto sa Pananalapi

Ang panukala ay maaari ding makaapekto sa antas ng krimen sa iba't ibang paraan. Sa kabilang banda, kung magreresulta ang panukala sa mas maikling oras na ginugugol ng mga offender sa bilangguan at mas maraming oras sa komunidad, maaari itong magresulta sa paggawa ng mga offender na ito ng mga karagdagang krimen o mga krimen nang mas maaga kaysa sa nararapat. Sa kabilang banda, ang panukala ay maaaring humantong sa paglahok ng mas maraming offender sa mga programa ng edukasyon at rehabilitasyon na nagpapababa sa posibilidad na gumawa sila ng mga krimen sa hinaharap. Hindi pa alam ang kabuuang epekto ng mga nabanggit na salik.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 57, pumunta sa pahina 141.